9

# Filipino 9

## Activity Sheet

## Quarter 2- MELC 2

# Paggamit ng Suprasegmental na Antala/Hinto Diin, at Tono sa Pagbigkas ng Tanka at Haiku



REGION VI – WESTERN VISAYAS

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9**
**Learning Activty Sheet 5**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** "Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Filipino 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Je-Ann P. Montecalbo

**Tagasuri:** Perly M. Mapa, Diana P. Agupasa, Alma J. Villar, Rosie C. Cabus, Cynthia C. Cañete, Angela Mae D. Lim, Marie Antoniette M. Villar

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana , PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Filipino 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Filipino 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets Blg. 5**

Pangalan ng Mag-aaral: ______________________

Grado at Pangkat: ______________________

Petsa: ______________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

# PAGGAMIT NG SUPRASEGMENTAL NA ANTALA/HINTO DIIN, AT TONO SA PAGBIGKAS NG TANKA AT HAIKU

## I. KASANAYANG PAMPAKATUTO AT KODA

**Nagagamit ang suprasegmental na antala/hinto, diin at tono sa pagbigkas ng tanka at haiku. ( F9WG-IIa-b-47)**

## II. PANIMULA

### PONEMANG SUPRASEGMENTAL

Ito ay makahulugang tunog. Sa paggamit ng suprasegmental, malinaw na naipahahayag ang damdamin, saloobin, at kaisipang nais ipahayag ng nagsasalita. Sa pakikipagpagtalastasan, matutukoy natin ang kahulugan, layunin o intensyon ng pahayag o ng nagsasalita sa pamamagitan ng diin, tono o intonasyon, at antala o hinto s pagbibigkas at pagsasalita.

1. **Diin –** Ang lakas, bigat, o bahagyang pagtaas ng tinig sa pagbigkas ng isang pantig sa sa salita. Ang diin ay isang ponema sapagkat sa mga salitang may iisang tunog o baybay, ang pagbabago ng diin ay nakapagpapabago ng kahulugan nito.
   Maaring gamitin sa pagkilala ng pantig na may diin ang malaking titik

**Mga halimbawa:**

a. BU:hay = kapalaran ng tao
   bu:HAY = humihinga pa
b. LA:mang = natatangi
   la:MANG = nakahihigit; nangunguna

2. **Tono / Intonasyon** - Ang pagtaas at pagbaba ng tinig na maaring makapagpasigla, makapagpahayag ng iba't ibang damdamin, makapagbigay-kahulugan, at makapagpahina ng usapan upang higit na maging mabisa an gating pakikipag-usap a kapwa.
   Nagpalilinaw ito ng mensahe o intensyong nais ipabatid sa kausap tulad ng pag-awit. Sa pagsasalita ay may mahaba, katamtaman, at mataas na tono. Maaring gamitin ang bilang 1 sa mahaba, bilang 2 sa katamtaman, at bilang 3 sa mataas.

**Mga halimbawa:**

a. Kahapon = 213, pag-aalinlangan
   Kahapon = 231, pagpapatibay, pagpapahayag
b. Talaga = 213, pag-aalinlangan
   Talaga = 231, pagpapatibay, pagpapahayag

3. **Anatala/ Hinto-** bahagyang pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ibig ipahatid sa kausap. Maaring gumamit ng simbolo kuwit ( , ), dalawalang guhit na pahilis ( // ), o gitling ( **-** ).

**Mga halimbawa:**

a. Hindi/ ako si Joshua.
   ( Pagbigkas ito na ang hinto ay pagkatapos ng HINDI. Nagbibigay ito ng kahulugan na ang nagsasalita ay nagsasabing siya si Joshua na maaring siya'y napagkamalan lamang na si Arvyl.)

b. Hindi ako, si Joshua.
   ( Pagbigkas ito na ang hinto ay nasa AKO. Pagpapahiwatig ito na ang kausap ay maaring napagbintangan ng isang bagay na hindi ginawa. Kaya sinasabi niyang hindi siya ang gumawa kundi Joshua.)

c. Hindi ako si Joshua.
   ( Pagbigkas ito na nasa hulihan ang hinto. Nagpapahayag ito na ang nagsasalita ay nagsasabing hindi siya si Joshua.)

## III. MGA SANGGUNIAN


- Peralta, Romulo N. et al (2014) Panitikang Asyano ( Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, pp. 98-101 Unang edisyon, Vibal Group, Inc.
- Mga Sariling Katha

  Mapa, Perly M. (2020) *Ina*, Hihdi nailathalng Tula

  Mapa, Perly M. (2020) *Hangin*. Hindi nailathalang Tula

  Mapa, Perly M. (2020) *Tubig*. Hindi nailathalang Tula

  Mapa, Perly M. (2020) *Ama*. Hindi nailathalang Tula

## IV. MGA GAWAIN

Ngayong nalaman mo na ang kahalagahan ng mga ponemang suprasegmental, sagutin ang mga pagsasanay upang mas lalong maging bihasa sa paggamit nito.

**Pagsasanay 1:**

Panuto: Isulat ang kahulugan ng mga pares ng salita na pareho ang baybay subalit magkaiba ang bigkas.

1. / BA:sa/ - ______________________

   /ba:SA/ - ______________________

2. /BU:hay/ - _____________________

   /bu:HAY/ - ____________________

3. /TU:bo/ - ________________________

   /tu:bo/ - ________________________

4. /ha:PON/ - ________________________

   /HA:pon/ - ________________________

5. /BU:kas/ - _______________________

   /bu:KAS/- ________________________

**Pagsasanay 2:**

Panuto: Basahin ang mga tanka at haiku sa ibaba. Gamit ang mga ponemang suprasegmental, bigkasin ito ng malakas.

**Haiku**

***HANGIN***

Nagbibigay ng buhay
ngunit kumitil
taglay na lakas

***INA***

Nagbata at naghirap
di matumbasan
anumang yaman

**Tanka**

***TUBIG***

Pamatid uhaw
may iba't ibang kulay
tuyong lalamunan
ay matitighaw
sakit ay naiibsan

***AMA***

Naghanapbuhay
dugo at pawis
nang upang may ihain
sa mga minamahal
nagpagal sa tungkulin

**Batayan sa Pagbibigay ng Iskor sa Rubrik**

| Rubriks sa Pagbigkas ng Tula | |
|---|---|
| Kabuoan ng pagbigkas ng tula | 5 puntos |
| Kaakmaan ng boses sa pagbigkas ng tula | 5 puntos |
| Wastong tono, intonasyon at pagbigkas | 5 puntos |
| | 15 puntos |

# Tandaan

Sa paggamit ng suprasegmental, malinaw na naipahahayag ang damdamin, saloobin, at kaisipang nais ipahayag ng nagsasalita. Sa pakikipagpagtalastasan, matutukoy natin ang kahulugan, layunin o intensyon ng pahayag o ng nagsasalita sa pamamagitan ng diin, tono o intonasyon, at antala o hinto s pagbibigkas at pagsasalita.

## V. REPLEKSIYON

Paano nakakatulong ang paggamit ng Ponemang Suprasegmenta sa pagbigkas tula?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________.

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

Pagsasanay 1:

1. Magbasa
2. Kapalaran ng tao
   Humihinga pa
3. Daluyan ng tubig
   Interes
4. Japanese
   Afternoon
5. Kinabukasan (tomorrow)
   Nakabukas ang pinto (open)